
Sep 4-11
Bible
Study
Small Group
Sessions
Mateo 18:21-35 | Efeso 4:32
Pagtuklas Pag-unawa Pagtugon
KBCF

# Mateo 18:21-35;
# Efeso 4:32

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# Mateo 18:21-35

Magandang Balita Biblia

**Ang Talinghaga tungkol sa Lingkod na Di Marunong Magpatawad**

21 Lumapit si Pedro at nagtanong kay Jesus,
“Panginoon, ilang beses ko po bang
patatawarin ang aking kapatid na
nagkakasala sa akin? Pitong beses po ba?”

22 Sinagot siya ni Jesus, “Hindi pitong beses,
kundi pitumpung ulit na pito

# Mateo 18:21-35

Magandang Balita Biblia

24 Nang simulan niyang magkwenta, dinala sa
kanya ang isang lingkod na may utang na
milyun-milyong piso. 25 Dahil sa siya'y walang
maibayad, iniutos ng hari na ipagbili siya, pati
ang kanyang asawa, mga anak, at lahat ng
kanyang ari-arian, upang siya'y makabayad.

# Mateo 18:21-35

Magandang Balita Biblia

26 Lumuhod ang lingkod sa harapan ng hari at
nagmakaawa, ‘Bigyan pa po ninyo ako ng
panahon at babayaran ko sa inyo ang lahat.’
27 Naawa sa kanya ang hari kaya't pinatawad
siya sa kanyang pagkakautang at pinalaya.

# Mateo 18:21-35

Magandang Balita Biblia

28 “Ngunit pagkaalis roon ay nakita niya ang
isa niyang kapwa lingkod na may utang sa
kanya na ilang daang piso. Sinakal niya ito,
sabay sabi, ‘Magbayad ka ng utang mo!’ 29
Lumuhod ito at nagmakaawa sa kanya,
‘Bigyan mo pa ako ng panahon at babayaran
kita.’

# Mateo 18:21-35

Magandang Balita Biblia

30 Ngunit hindi siya pumayag. Sa halip, ito'y
ipinabilanggo niya hanggang sa makabayad.

31 “Sumama ang loob ng ibang mga lingkod ng
hari sa pangyayaring iyon, kaya't pumunta sila
sa hari at nagsumbong.

# Mateo 18:21-35

Magandang Balita Biblia

32 Ipinatawag ng hari ang lingkod na iyon.
‘Napakasama mo!’ sabi niya. ‘Pinatawad kita
sa utang mo sapagkat nagmakaawa ka sa
akin. 33 Naawa ako sa iyo. Hindi ba't dapat ka
rin sanang nahahabag sa kapwa mo?’ 34 At sa
galit ng hari, siya'y ipinabilanggo hanggang sa
mabayaran nang buo ang kanyang utang.

# Mateo 18:21-35

Magandang Balita Biblia

35 Gayundin ang gagawin sa inyo ng aking
Ama na nasa langit kung hindi ninyo taos
pusong patatawarin ang inyong kapatid."

# Ephesians 4:32

Magandang Balita Biblia

32 Sa halip, maging mabait kayo at maawain;
magpatawad kayo sa isa't isa tulad ng
pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay
Cristo.

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

*“Kung paanong pinatawad ako ni Kristo, gayundin ang aking pagpapatawad, kabaitan, at mahahabagin tungo sa iba.”*



# Question 1

Basahin ang Efeso 4:32. Ano ang ipinag-uutos sa atin na gawin?

PAGTUKLAS

Mateo 18:21-35 | Efeso 4:32

# Question 2

Basahin ang Mateo 18:21-22. Ilang beses natin dapat patawarin ang nagkamali na kapatid?

PAGTUKLAS

Mateo 18:21-35 | Efeso 4:32

# Question 3

Basahin ang Mateo 18:23–34. Sa parabula ni Jesus, ihambing kung paano naiiba ang dalawang pangunahing tauhan ng kuwento.

Discovery. Discovery.

**PAGTUKLAS**

Mateo 18:21–35 | Efeso 4:32

# Question 4

Anong babala ang ibinigay sa mga bersikulo 32-35?

PAGTUKLAS

Mateo 18:21-35 | Efeso 4:32

# Question 1

## Sa Mateo 18:21–22, saan nanggaling si Pedro (ano ang konteksto ng kanyang tanong) at paano tumugon si Jesus?

*[Tandaan: Bago ang pagtatanong ni Pedro sa partikular na bahaging ito, (v.1) tinatalakay ng mga disipulo si Jesus kung sino ang pinakadakila sa kaharian ng Diyos].*

UNDERSTANDING UNDERSTANDING

**PAG-UNAWA**

Mateo 18:21–35 | Efeso 4:32

# Question 2

Ano ang itinuturo sa atin ng talinghaga sa Mateo 18:23–35 tungkol sa pagpapatawad sa iba?

UNDERSTANDING · UNDERSTANDING · UNDERSTANDING

PAG-UNAWA

Mateo 18:21–35 | Efeso 4:32

# Question 1

APPLICATION · APPLICATION ·

Sa anong paraan mo maipapakita ang kabaitan at kahabagan tungo sa iba? Mag-isip ng mga partikular na indibidwal at konkretong aksyong na pwede mong gawin.

PAGTUGON

Mateo 18:21-35 | Efeso 4:32

# Question 2

## Nahihirapan ka bang magpatawad at magpaubaya sa isang tao?

Manalangin at hilingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang sumunod sa Salita ng Diyos nang may pananampalataya. Hindi natin masusunod ang Diyos sa ating sarili sapagkat ito ay hindi sa ating sariling lakas o kapangyarihan kundi sa tulong ng Banal na Espiritu ayon sa biyaya ng Diyos (Zacarias 4:6).

# Mateo 18:21-35 | Efeso 4:32

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



**Discovery**
Questions



**Understanding**
Questions



**Application**
Questions


# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

*"Kung paanong pinatawad ako ni Kristo, gayundin ang aking pagpapatawad, kabaitan, at mahabagin tungo sa iba."*



Small Group Session

# Closing Prayer


Bible
Study
Mateo 18:21-35 | Efeso 4:32
Pagtuklas Pag-unawa Pagtugon
See You Next Week!
KBCF

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584